




Republic of the Philippines

Department of Education

Regional Office IX, Zamboanga Peninsula



Zest for Progress  
Zeal of Partnership

# FILIPINO

## Ikatatlong Markahan- Modyul 3: Pagsuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan



Pangalan: \_\_\_\_\_

Baitang/Seksyon: \_\_\_\_\_

Paaralan: \_\_\_\_\_

## Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

**Manunulat:** Mildred E. Saldon

**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.  
Shayne Everette U. Eldian  
Philip D. Caermare

**Tagasuri:** Julieta H. Tibon  
Roderick Luna  
Jane J. Maghinay

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Amancio B. Cainta, Jr.

**Tagalapat:** Peter Alavanza

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V  
Oliver B. Talaoc, Ed.D  
Ella Grace M. Tagupa, Ed. D  
Jephone P. Yorong Ed. D  
Lindo O. Adasa Jr.



## Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

❖ Nakasusuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan.



## Balikan

**Panuto:** Hanapan ng wastong kapareha ang sumusunod na salita batay sa ginamit na pang-angkop na g. Isulat ang tamang sagot sa iyong kuwaderno.

### Hanay A

1. bayang
2. paaralang
3. balong
4. yamang
5. inampong

### Hanay B

- A. anak
- B. malinis
- C. magiliw
- D. malalim
- E. likas



# Tuklasin

## Tanong:

1. Bakit mahalagang manaig lagi ang katotohanan laban sa kasamaan?

**Sagot:** \_\_\_\_\_

2. Bakit mahalaga ang paggamit ng wasto at angkop na mga pangatnig sa mabisang pakikipagtalastasan?

**Sagot:** \_\_\_\_\_

Sa araling ito, malalaman mo kung **ang pahayag ay opinyon o katotohanan.**



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto.**

Ang Pork Barrel o Priority Development Assistance Fund ay ang taunang pondo ng mga senador at kongresista para sa kanilang mga gawain at paglilingkod sa kanilang mga nasasakupan at sa bayan. Maraming mga bayan at mamamayan ang makikinabang dito. Ano ang mangyayari kapag hindi ito nagamit sa wastong paraan?



**Ang Katotohanan sa Likod ng Pork Barrel Scam**

Ang *Priority Development Assistance Fund* (PDAF) o mas kilala sa tawag na *Pork Barrel Fund* ay ang pondo ng mga senador at kongresista

para sa kanilang taunang paglilingkod sa bayan at sa mga mamamayan. Ayon sa rebelasyon ni Benhur Luy, may halos sampung bilyong piso ang nakuha ni Janet Lim Napoles, na nakahihinayang dahil hindi ito napunta sa mga mamamayan at hindi nagging matapat an gating mga pinuno.

Napakalaking halaga talaga ng sampung bilyon. Sa dami ng mga Pilipinong naghihirap, napakasakit na hindi ito napunta sa kanila. Ayon sa pananaliksik, narito ang maaaring napuntahan ng nasabing halaga kung nagastos ito sa tamang paraan.

Katumbas ito ng may 61,560 na bahay na ipinatatayo ng Gawad Kalinga kung ang bawat bahay ay magkakahalaga ng isandaang libong piso (PHP 100,000). Hindi ba't napakaraming pamilyang walang tahanan ang sana ay nakinabang dito?

Katumbas din ito ng 25,120 na mga bagong silid-aralan na may lawak at laking 49 sq/m. Kung bibigyan na ito ng pondong limanlibong piso (PHP 5,000) bawat kuwadrado parisukat, mayroong mahigit 753,000 mga bata ang magkakaroon ng disenteng paaralan at makapag-aaral;

Katumbas din ito ng isang taong suweldo ng mahigit 23,310 na mga bagong guro sa mga publikong paaralan na mayroong sahod na PHP 22,000 bawat buwan.

Sa kabila ng mga katotohanang ito, may isang katotohanan na puwede nating magawa upang maiwasto ang mga mali – ang maging mapagmatyag upang lumabas ang katotohanan at ito ang mangibabaw.



## Pagyamanin

**Panuto:** Isulat ang ☺ kung nagpapahayag ng katotohanan at ☹ kung nagpapahayag ng opinyon sa bawat pahayag.

1. *Pork Barrel Fund* ay ang pondo ng mga senador at kongresista para sa kanilang taunang paglilingkod sa bayan.
2. May halos sampung bilyong piso ang nakuha ni Janet Lim Napoles.
3. Sa dami ng mga Pilipinong naghihirap, napakasakit na hindi ito napunta sa kanila.
4. Mas kilala sa tawag na *Pork Barrel Fund* Ang *Priority Development Assistance Fund* (PDAF).
5. Sa aking palagay hindi makatotohanan ang pinagsasabi ni Benhur Luy.



# Gawain

## Gawain A

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **Tama** kung nagpapahayag ng katotohanan at **Mali** kung nagpapahayag ng opinyon sa bawat pahayag.

- \_\_\_\_\_ 1.) Ang pambansang bulaklak ng Pilipinas ay sampaguita.
- \_\_\_\_\_ 2.) Sa tingin ko ang Manila ay matatagpuan sa Mindanao.
- \_\_\_\_\_ 3.) Itinapon si Dr. Jose Rizal sa Dapitan ng mga Kastila.
- \_\_\_\_\_ 4.) Ang Twin City (Dipolog at Dapitan) ay matatagpuan sa rehiyon 9.
- \_\_\_\_\_ 5.) Makikita ang Mapa ng Mindanao sa harap ng St. James Church sa Dapitan City.



## Isaisip

**Katotohanan** ang isang pahayag kapag ito ay naglalahad ng mga idea o impormasyon na napatunayan na at tinanggap ng lahat na ito ay totoo. Hindi rin ito maaring tutulan kahit saan mang lugar. Hindi rin ito magbabago.

**Opinyon** ang isang pahayag kapag ang pananaw ng isang tao ay maaaring totoo. Isa rin itong paniniwala batay sa obserbasyon at eksperimento.

May mga panandang ginagamit upang matukoy kung ang pahayag ay isang opinyon o katotohanan.

a. Katotohanan: mga panandang:

- a) batay sa resulta...
- b) inatutunayan ni....
- c) Mula kay....
- d) Sang-ayon sa.....

- e) Tinutukoy ng.....
- f) Mababasa sa....,at
- g) iba pang kaugnay nito

b. Opinyon: mga panandang:

- a) Sa aking palagay.....,
- b) Sa tingin ko...,
- c) Para sa akin....,

- d) Kung ako ang tatanungin
- e) iba pang kaugnay nito.



## Tayahin



**Panuto:** Isulat ang **Katotohanan** kung ito'y nagpapahayag ng totoo at **Opinyon** kung ito'y nagpapahayag ng pananaw lamang sa bawat pahayag.

\_\_\_\_\_ 1.) Ang *Priority Development Assistance Fund* (PDAF) o mas kilala sa tawag na *Pork Barrel Fund* ay ang pondo ng mga senador at kongresista para sa kanilang taunang paglilingkod sa bayan at sa mga mamamayan.

\_\_\_\_\_ 2.) Pinatutunayan ni Benhur Luy, may halos sampung bilyong piso ang nakuha ni Janet Lim Napoles.

\_\_\_\_\_ 3.) Kung ako ang tatanungin napakalaking halaga talaga ng sampung bilyon na nasayang, sa dami ng mga Pilipinong naghihirap, napakasakit na hindi ito napunta sa kanila.

\_\_\_\_\_ 4.) Batay sa resulta, katumbas ito ng may 61,560 na bahay na ipinatatayo ng Gawad Kalinga kung ang bawat bahay ay magkakahalaga ng isandaang libong piso (PHP 100,000).

\_\_\_\_\_ 5.) May isang katotohanan na puwede nating magawa upang maiwasto ang mga mali – ang maging mapagmatyag upang lumabas ang katotohanan at ito ang mangibabaw.



\_\_\_\_\_ 6.) Mababasa sa teksto, ang halaga kung nagastos ito sa tamang paraan katumbas din ito ng isang taong suweldo ng mahigit 23,310 na mga bagong guro sa mga publikong paaralan na mayroong sahod na PHP 22,000 bawat buwan.

\_\_\_\_\_ 7.) Para sa akin mas maging matalino sa pagpili o pagboto tuwing halalan.

\_\_\_\_\_ 8.) Sa tingin ko ang Pork Barrel Fund ay ginagamit para ipamimigay sa mga Pilipino.

\_\_\_\_\_ 9.) Sa aking palagay ang senador at kongresista ay gumagamit ng *Pork Barrel Fund* para sa kanilang pamilya.

\_\_\_\_\_ 10.) Sa dami ng Pilipinong naghihirap, napakasakit isipin na napunta lang sa wala ang *Priority Development Assistance Fund* (PDAF) na makakatulong upang ibangon ang kabuhayan ng bawat isa.

## Karagdagang Gawain

Manood ng isang maikling pelikula na tumatalakay sa katiwalian o anumang pagtatakip ng katotohanan. Pag-aralang mabuti ang pangunahing tauhan at tukuyin kung paano at bakit niya napagtakpan o pinairal ang katotohanan. Tukuyin din kung paano nakaapekto sa kaniyang desisyon

kaugnay ng katotohanan ang sitwasyo ng pelikula. Bumuo ng dalawang talata na magpaliwanag dito. Isulat sa iyong kuwaderno. **(15 puntos)**

### RUBRIK SA PAGSULAT NG TALATA

Pamantayan	5	4	3	2	1
<b>NILALAMAN</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>pagsunod sa uri at anyong hinihingi</li> <li>lawak at lalim ng pagtalakay</li> </ul>					
<b>BALARILA</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>wastong gamit ng wika/salita</li> <li>baybay, bantas, estruktura ng mga pangungusap</li> </ul>					
<b>ORGANISASYON</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>lohikal na pagkakaayos/daloy ng mga idea</li> <li>pagkakaugnay ng mga idea</li> </ul>					

**5- Pinakamahusay**

**3- Katanggap-tanggap**

**1- Nangangailangan pa ng mga**

**4- Mahusay**

**2- Mapaghuhusay pa**

**pantulong na pagsasanay**



## Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

- Katotohanan
- Katotohanan
- Opinyon
- Katotohanan
- Katotohanan
- Katotohanan
- Opinyon
- Opinyon
- Opinyon
- Katotohanan

**Gawain A**

- Tama
- Mali
- Tama
- Tama
- Tama

**Baliklan**

- C
- B
- D
- E
- A

**Pagymanin**

- 😊
- 😊
- 😊
- 😊
- 😊

## Sanggunian:

Patricia Jo C. Agarrado, Maricar L. Francia, Perfecto R. Guerrero III, Genaro R. Gojo Cruz. (2016). *Alab Filipino 5*. Quezon City: Vibal Group, Inc., pp. 154-157

### Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom  
Here the breezes gently Blow,  
Here the birds sing Merrily,  
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas  
Here the Samals live in peace  
Here the Tausogs thrive so free  
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair  
Linger with love and care  
Golden beams of sunrise and sunset  
Are visions you'll never forget  
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,  
Every valleys and Dale  
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,  
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,  
Ilongos,  
All of them are proud and true  
Region IX our Eden Land  
Region IX  
Our..  
Eden...  
Land...

### The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed  
that I was walking along the beach  
with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets  
of footprints – one belong to me and  
the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I  
noticed only one set of footprints.

“And I ask the LORD. Why? Why?  
Why did you leave me when I am sad  
and helpless?”

And the LORD replied “My son, My  
son, I have never left you. There was  
only one (1) set of footprints in the  
sand, because it was then that I  
CARRIED YOU!

### Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see  
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest  
Against the earth's sweet flowing  
breast;

A tree that looks at God all day,  
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear  
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;  
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,  
But only God can make a tree.